REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-208

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAG-AATAS SA TANGGAPAN NG INHINYERYA NA ISALI BILANG REGLAMENTO SA PAGKAKAROON NG PERMISO SA PAGTATAYO NG ANUMANG GUSALI MAGING PANG RESIDENSIYA MAN O PANG KOMERSIYO ANG PAGLALAAN NG LUGAR NA TATANIMAN NG PUNO O ANUMANG HALAMANG LUNTIAN SA KANI-KANIYANG PAG-AARING LUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * ** * * * * * * * *

SAPAGKAT, ayon sa pag-susuri na isinagawa ukol sa kagubatan ng ating bansang Pilipinas ay mayroon na lamang tayong nalalabing labing siyam (19%) hanggang dalawampu't isang porsiyento (21%) gubat sa kabuuan;

SAPAGKAT, ayon na rin sa nasabing pagsusuri ay sinasabing ang ating bansa ay isa na sa pinakamalakas magbuga ng "karbon", isang elemento na masama sa kalusugan, dahil sa kakulangan ng kagubatan na siyang nagpapalala sa problema ng buong mundong tinatawag na "greenhouse effect";

SAPAGKAT, ayon sa pagsusuri ng ating Senado na kapag nagpatuloy ang ganitong pangyayari ay mawawalan na ang ating bansa ng punongkahoy bago dumating ang taong 2000;

SAPAGKAT, ayon na rin sa nasabing ulat sa Senado ang dating labing apat at limang daang bilyong (14,500 B) ektarya na kagubatan ay isang bilyong(1 B ) ektarya na lamang ang natitira sa ngayon;

SAPAGKAT, ayon sa pagsusuri ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan ay nauubos ang ating gubat sa bilis na isang daan at dalawampung libong (120,000) ektarya taon-taon;

SAPAGKAT, bilang tagapamahalang lokal ng ating bayan ay dapat nating bigyan ng pansin ang kahalagahan ng pag-iingat ng ating kapaligiran;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pag-aatas sa Tanggapan ng Inhinyerya na isali bilang reglamento sa pagkakaroon ng permiso sa pagtatayo ng anumang gusali maging pang residensiya man o pang komersiyo ang paglalaan ng lugar na tataniman ng puno o anumang halamang luntian sa kani-kaniyang pag-aaring lupa.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 168th regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Agosto 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG, NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts